

1

Bumper-to-bumper ang mga sasakyan, malakas pa rin ang patak ng ulan at medyo naiipon na ang tubig sa daan. *Mabuti na lang at nakasakay na ako*, saloob ni Irma. Marami nang mga pasahero at medyo siksikan na sa air-conditioned bus na sinasakyan niya pero panay pa rin ang pagpapasakay ng konduktor kaya marami sa mga pasahero ang naiinis.

Traffic man, malakas ang ulan, baha at siksikan, walang pakialam si Irma. Iisa lamang ang laman ng kanyang pag-iisip—si Shaun. Nag-usap sila at nakipag-break na sa kanya ang nobyo. May iba na raw itong mahal....

“I’m sorry, Irma. Ayokong saktan ka pero mas mabuti na itong naging matapat ako sa iyo,” sabi ni Shaun.

“Bakit? Ano’ng nagawa kong pagkakamali? Sabihin mo’t gagawan ko ng paraan; magbabago ako.”

“Wala. In fact, talagang naging masaya naman ako sa relasyon natin.”

“Kung ganoo’y bakit? Dahil ba sa tindera lang ako’t isang propesyonal si Olga?” tanong niya na ang tinutukoy ay ang babaeng ipinagpalit nito sa kanya.

“Alam mong hindi iyon ang dahilan pero hindi ko pa rin maipaliwanag nang malinaw. Basta na lang kasi nangyari ang lahat.”

“Baka naman humahanga ka lang sa kanya.”

“Hindi, Irma. Mahal ko siya, at ngayon ko lang ito nadama sa buong buhay ko.”

“Ano’ng ibig mong sabihin? Hindi mo ako minahal?”

“Minahal, but what I felt for you was not as intense as what I’m feeling for Olga now.”

“Mahal ka ba niya?”

“Oo.”

Nakita niyang wala nang saysay para tutulan ang kagustuhan ni Shaun. Determinado na ito at kahit na ano pa ang gawin niyang pagmamakaawa ay wala na ring kabuluhan.

Pigil-pigil ang kagustuhang umiyak dahil nahihya sa katabing babae, biglang nakadama ng

pagkainip si Irma. Mabuti na lang at malapit na pala siya sa kanyang bababaan. Kahit na isang kanto pa bago iyon ay tumayo na siya at nagpara.

Habang naglalakad sa gitna ng malakas na ulan, binigyang laya niya ang mga luhang pinipigilan.

“Bakit ngayon ka lang? Gabi na,” paninita ni Lola Rusela, ina ng yumaong ama ni Irma.

“Traffic po kasi dahil baha na sa daan,” maikling paliwanag niya.

“Bakit namumugto ang mga mata mo? Umiyak ka ba?”

Malungkot na tumango siya. Kahit kailan ay hindi siya nagsinungaling sa abuela. Ipinagtapat na rin niya rito ang dahilan ng kanyang kalungkutan.

“Sinabi ko na naman kasi sa iyo, ang tipo ng Shaun na iyon ay hindi makapaghihintay sa isang may-asawang kagaya mo,” paninisi nito.

“Wala akong asawa, Lola. Alam ninyong pareho naming hindi kagustuhan ni Andrew ang makasal sa isa’t isa.”

“Oo nga pero pumayag ka rin at ikinasal kayo kaya may-asawa ka na.”

Hindi na siya kumibo o nakipagtalo pa rito. Pumasok na lang siya ng kanyang kuwarto at doon nagmukmok. Ang pagkakaroon nga siguro niya ng asawa ang naging pangunahing dahilan kung bakit nagmahal ng ibang babae si Shaun. Noon, madalas itong mangarap na pagkatapos mapawalang-bisa ang kasal niya kay Andrew ay pakakasal sila kaagad.

Siguro nga'y nainip na siya, naisip niya habang nakahiga sa kama. Kung hindi sana ako nagpasulsol kay Itay noon, hindi ako makakapag-asawa nang ganoon kaaga.

Naaalala pa niya ang lahat na tila ba kahapon lang nangyari....

Seventeen years old pa lamang si Irma noon at katitigil pa lamang sa pag-aaral dahil wala nang ipangtustos ang kanyang ama nang dumating ang isang abogado sa bahay nila. Ipinaalam nito sa kanila na isa siya sa pinamanahan ng isang napakalaking lupain at isang mansyon sa Davao. Kahati niya roon ang isang lalaking nagngangalang Andrew Vergara.

Kinabukasan din, sa pakiusap ng abogado, nagpunta si Irma at ang itay niya sa tanggapan nito para sa pagbabasa ng testamentong naiwan ng

nagpamana ng bahay at lupain. Doon nila nakita at nakilala si Andrew. Matangkad ito, balisaksakan ang pangangatawan, mestizo at guwapo. Subalit sa hindi malamang dahilan, nakadama kaagad siya ng matinding pagkailang at bahagyang takot dito.

Ayon sa abogado, si Doña Aurora Ybañez ang dating may-ari at nag-iwan ng napakalaking pamana kina Andrew at Irma. Naging kaibigang matalik daw ito ng kanyang ina na si Carmencita at ng ama ni Andrew na si Rafael. At dahil isa itong matandang dalaga at wala nang iba pang kamag-anak na pag-iivanan ng bahay at lupain, naisip nitong ibigay na lamang ang mga iyon sa mga anak ng mga kaibigan—kay Andrew, bilang unang anak na lalaki ni Rafael, iniwan ang kalahating parte samantalang ang kalahating bahagi naman ay kay Irma bilang unang anak na babae ni Carmencita.

“Lingid sa inyong kaalaman, talagang noon pa’y ipinahanap na kayong dalawa ni Doña Aurora,” pahayag ng abogado. “Alam niya ang mga edad ninyo kaya isinaad niya sa kanyang testamento na mapapasainyo ang lupain kung magpapakasal kayo sa isa’t isa.”

“Ano!” patayong bulalas ni Andrew, sabay sulyap kay Irma at sumimangot. “Then the whole thing’s off!

Ibigay na lang ninyo sa iba ang mana,” anito.

“Mr. Vergara, huminahon kayo. Patapusin muna ninyo ako bago kayo tumanggi,” pakiusap ng abogado.

“Siyanga naman, Hijo, pakinggan muna nating lahat ang sasabihin ni Attorney,” sabat ng ama ni Irma.

Muling sinulyapan ni Andrew ang dalaga na walang kibo at tila walang interest sa pinag-uusapan. Hindi naman siya makatingin nang deretso rito kaya yumuko siya, natatakot. Naupo itong muli at ipinagpatuloy ng abogado ang pagpapaliwanag.

“Ayon sa testamento, kailangang manatili kayong kasal sa loob ng pitong taon. In case na magkahiwalay kayo matapos ang panahon na iyon, ikaw, Mr. Vergara, ang magmamay-ari ng bahay at lupain. Subalit babayaran mo pa rin si Miss Roxas ng halagang katumbas ng share niya sa lahat ng iyon.”

“So, ang ibig sabihin, sa akin pa rin mapupunta ang lahat kahit maghiwalay kami after seven years?” tanong ni Andrew.

“Ganoon na nga, Mr. Vergara,” sagot ng abogado.

“Kung ganoon, bakit kailangan pa naming

pakasal ni Miss Roxas? Pupuwede ko naman siyang bayaran ngayon din para sa share niya.”

Nayabangan siya sa tono ng pagsasalita at suhestyon nito pero nanatili siyang nakayuko, lihim na naiinis.

“Hindi ko rin alam, Mr. Vergara, pero iyon ang mahigpit na ipinagbiling ni Doña Aurora. Kailangan muna ninyong makasal ni Miss Roxas at manatili sa ganoong sitwasyon for seven years bago ninyo makuha ang titulo at tuluyang maangkin ang lupain, pati ang mansyon.”

“Pero pupuwede na kaming tumira doon ngayon?” tanong muli ng binata.

Tumango ang abogado. “Pupuwede na, lahat ng gusto ninyong gawin doon ay magagawa ninyo maliban sa ipagbili ang lugar.”

“Kung pareho kaming hindi pumayag ni Miss Roxas, ano’ng mangyayari sa mansyon at lupain?”

“Mapupunta iyon sa paboritong charitable institution ni Doña Aurora,” sagot ng abogado.

Magmula nang araw na iyon ay hindi na tinigilan pa si Irma ng pangungulit ng ama. Kinukumbinsi siya

nitong mabuti na pumayag nang pakasal kay Andrew upang magkaroon lamang ng karapatan at makuha ang parte sa mga namana.

“Pitong taon lang naman, Anak, ang palilipasin ninyo at hihintayin. Hindi ninyo kailangang magsama sa iisang bubong.”

“Ano’ng ibig ninyong sabihin, Itay?”

“Nag-usap na kami ni Andrew. Bibigyan ka niya ng sapat na halaga pagkatapos ninyong pakasal, pumayag ka lang.”

“Binibili niya ang pagsang-ayon ko?” napakunot-noo na tanong niya.

“Hindi. Iyon ay bilang pasasalamat sa pagpayag mo. Pagkatapos ninyong ikasal, doon na siya maninirahan sa mansyon.”

“At ako?”

“Ikaw, dito ka mananatili kung gusto mo. Pagkatapos ng pitong taon at legal nang sa inyo ang mga minana ninyo ay bibilhin niya ang parte mo sa malaking halaga. Magiging mayaman na tayo.”

“Pero paano ang kasal namin?”

“Ipapawalang-bisa iyon ni Andrew kaagad.

Magiging milyonarya ka na'y magiging dalaga ka pa ulit."

"Pero, Itay, walang diborsyo dito sa Pilipinas."

"Oo nga. Pero sa loob ng pitong taon ng hindi ninyo pagsasama at wala namang namagitan sa inyo, pupuwede na ninyong ipa-annul ang kasal ninyo."

Bantulot pa rin si Irma.

"Anak, isipin mong mabuti, malaking tulong para sa atin ito. Makakapagpatuloy ka sa pag-aaral. Ayaw mo bang kahit paano'y guminhawa tayo?"

"Gusto, Itay, kaya lang...."

"Matanda na ako, Irma. Gusto ko din namang makatikim ng kaunting kaginhawahan."

Napabuntunghininga ang dalaga at pinagmasdang mabuti ang ama. The next thing she knew, nasa harap na sila ni Andrew ng isang fiscal at nagsasabihan ng marriage vows.

Pagkatapos noon ay sumakay na silang mag-ama ng taxi pauwi, samantalang si Andrew ay tumungo na ng Davao. Iyon ang huling pagkakataong nakita ni Irma ang lalaking pinakasalan.

Hindi nagtagal, hindi na rin siya nakabalik sa

pag-aaral dahil matapos lustayin ng ama sa bisyo ang perang ibinigay ni Andrew sa kanila ay inatake ito sa puso at namatay. Naiwan siyang mahirap pa sa daga.

Naremata ng bangko ang bahay na tinitirhan nila dahil hindi rin pala iyon binayaran ng ama at nag-iwan din ito ng napakaraming utang dahil sa walang tigil na pagsusugal.

Kinupkop ni Lola Rusela si Irma at magmula noon ay silang dalawa ang magkatulong na nag-aasikaso sa isang maliit na puwestong tindahan ng mga prutas sa Greenbelt Center sa Makati.

“Irma, kinausap ako ni Mr. Hidalgo,” pagbibigay-alam ni Lola Rusela sa kanya kinabukasan. “Hanggang sa katapusan na lang daw ang huling araw natin sa tindahan.”

“Oo, Lola, alam ko. Kinausap na din niya ako kahapon. Ano’ng gagawin natin ngayon?”

“Hindi ko pa nga alam. Lubog na ako sa utang sa mga dealers natin. Wala naman akong makitang puwesto na kaya ko pang upahan.”

“Huwag kayong mag-alala, Lola, at hahanap ako ng trabaho.”

“Makapasok ka ma’y natitiyak kong hindi pa rin sasapat ang susuwelduhin mo sa pambayad ng mga utang natin.”

“May awa ang Diyos, Lola,” aniya.

Ngunit hindi pa rin nakayanan ni Lola Rusela ang sobrang pag-iisip at tensyon kaya ilang araw lamang ang lumipas ay inatake ito sa puso at kaagad na binawian ng buhay. Muli, naiwan si Irma na baon sa pagkakautang at kung hindi sa tulong ng mga kapitbahay at ilang mga kakilala ay hindi nagawang ipalibing ang abuela.

Makaraan ang isang buwan, hindi pa rin siya nakakakita ng trabaho. Kinausap siya ni Aling Rosing, ang mabait na may-ari ng bahay na inuupahan.

“Pasensya ka na, Irma, alam kong gipit na gipit ka,” anito. “Pero alam mo namang itong bahay na ito lang ang pinagkakakitaan naming mag-asawa.”

“Nauunawaan ko po. Nahihiya nga ho ako sa inyo dahil napakarami na ng tulong na naibigay ninyo sa akin.”

“Huwag mong intindihin iyon. Kung hindi lang nawalan ng trabaho ang asawa ko, hindi kita paalisin dito.”

“Alam ko po, at nagpapasalamat pa rin ako sa kabutihang-loob ninyo.”

“Pero may mapupuntahan ka pa naman, Irma, doon sa asawa mo sa Davao.”

“Hindi ho puwede, Aling Rosing. Alam naman ninyong hindi ko talaga asawa si Andrew.”

“Maaaring hindi sa tunay na kahulugan pero sa pangalan at karapatan, asawa mo siya. Kalahati ng mansyon at lupain na tinitirhan niya ngayon ay sa iyo.”

“Ayoko hong ipagpilitan ang sarili ko’t maging pasanin niya. Hindi ko siya lubos na kakilala.”

“Pero, Hija, hindi ka naman magiging pabigat sa kanya habambuhay. Sa oras na makuha mo na ang parte mo sa minana mo’y makakapamuhay ka nang mag-isa,” udyok pa nito.

Sandaling nag-isip si Irma. May katuwiran si Aling Rosing, saloob niya. Isa pa, sa kalagayan niya, wala na nga siyang pagpipilian pa kundi ang puntahan ang asawa.

“Susulatan ko ho si Andrew,” aniya. “Kailangan ko munang malaman kung tatanggapin niya ako doon pansamantala.”

Sumulat nga siya at kinabukasan din ay inihulog iyon sa post office. Pansamantala, isa-isa niyang ibinenta ang mga naiwang gamit sa kanilang bahay. Isa-isa rin niyang nabayaran ang mga pagkakautang ng kanyang lola.

Araw-araw ay naghihintay siya sa pagdating ng sulat mula kay Andrew subalit walang dumarating. Ganoon pa man, ang natitira niyang pera ay ibinili na niya ng ticket papuntang Davao.

“Aling Rosing, sa makalawa na ho ang alis ko pero hindi pa rin sumusulat si Andrew sa akin.”

“Siguro’y naantala lang iyon sa koreo.”

“Siguro nga ho. Nagpatelegrama ako kanina sa kanya. Sinabi ko ang araw at oras ng dating ko sa Davao.”

“Mabuti kung ganoon. Mag-iingat ka doon, ha? Huwag mong pababayaang sarili mo,” bilin ni Aling Rosing na nangingilid na ang luha sa mga mata.

“Opo pero sana bukas o kahit sa makalawa mismo, bago ako umalis ay matanggap ko ang sagot ni Andrew.”

“Huwag ka nang mag-alala, Irma. Natitiyak kong walang magiging problema sa pagdating mo doon.”

Minsan Lang Kung Umibig - Yolanda Gomez

Tumango na lamang siya, pilit inaalala ang hitsura ni Andrew. Napakatagal nang panahon ang lumipas magmula noong huli nilang pagkikita at maaaring nagbago na ang anyo ng asawa.

2

Sa barko, nakilala ni Irma ang magpinsang sina Nelson at Ruben. Masayahin ang mga ito, mababait, kapwa binata at kasing-edad lamang niya kaya hindi naging kabagut-bagot para sa kanya ang paglalakbay.

“Hindi ka pala taga-Davao, saan ang punta mo doon?” tanong ni Nelson habang kumakain sila ng tanghalian.

“Sa *Hacienda Ybañez*.”

“Sa lugar ni Andrew Vergara ka tutuloy kung ganoon,” ani Ruben.

“Kilala ninyo si Andrew?” tanong ni Irma.

“Oo, magkasunod lamang ang lugar namin. Sa *Villa Del Moral* kami nakatira,” sagot nito.

“Pasensya na kayo. Hindi ko pa alam kung anu-anong lugar mayroon sa pupuntahan ko,” nahihiyang pag-amin niya.

“Malalaman mo rin iyon pagdating natin doon. Tiyak kong ipapasyal ka ni Andrew,” sabi ni Nelson.

“Kamag-anak ka ba ni Andrew?” tanong ni

Ruben, sabay subo sa pagkain.

Hindi niya alam kung paano ipapaliwanag sa dalawa ang relasyon niya kay Andrew. Kahit na mabait ang mga ito ay nandoon pa rin ang pag-aatubiling magkuwento tungkol sa personal na buhay dahil hindi niya lubusang kilala ang dalawa. Naiilang siyang tanggapin at deretsahang sabihin na ang pupuntahan niya ay ang kanyang asawa. “Ganoon na nga, isa akong malayong kamag-anak,” pagkuwa’y naisagot niya.

Pagdaong ng sinasakyang barko sa Davao, hindi maiwan ng magpinsan si Irma dahil nag-iisa lamang siya at wala mang sinasabi ay halata sa mukha ang pagkailang sa bagong lugar na dinatnan.

“Sigurado ka bang alam ni Andrew na darating ka?” tanong ni Ruben makalipas ang halos kalahating minuto na nilang paghihintay.

“Sinulatan ko siya at pinadalhan ng telegrama na darating ako ngayon,” sagot niyang nagpapalingalinga pa rin pero hindi alam kung sino ang hinahanap dahil nahihirapan siyang i-recall ang hitsura ng asawa.

“Ah, siguro’y nakalimutan lang iyon ni Andrew sa dami ng kanyang ginagawa sa hacienda,” saad ni

Nelson.

“Ang mabuti pa kaya’y sumama ka na sa amin at ihahatid ka namin sa *Hacienda Ybañez*,” alok ni Ruben.

“Naku, huwag na! Nakakahiya naman sa inyo. Hihintayin ko na lang dito si Andrew,” tanggi niya.

“Baka gabihin ka. Kung nakalimot nga si Andrew, baka tuluyan ka nang hindi masundo noon,” sabi ni Ruben.

“Siyanga naman,” sabat ni Nelson. “Malayo pa dito ang lugar na iyon, at tatal doon din naman ang way namin. Daraanan muna namin ang *Hacienda Ybañez* bago makarating sa *Villa Del Moral*.”

Dahil hindi talaga alam kung saan ang lugar ng pupuntahang hacienda at nag-uumpisa nang magduda si Irma kung natanggap man o hindi ni Andrew ang sulat at telegrama niya, napilitan na siyang tanggapin ang alok ng magpinsan.

May sarili palang sasakyan si Nelson na pansamantalang ipinaparada at iniwan sa bahay ng isang kaibigan tuwing luluwas ito ng Maynila. Pumunta sila roon at kinuha ang sasakyan. Ilang minuto lamang ang lumipas ay tinatahak na nila ang daan papunta sa *Hacienda Ybañez*.

Panay ang kuwento at biruan nina Nelson at Ruben na ikinalibang niya. Subalit paminsan-minsan ay natitigilan siya dahil hindi maalis sa kanyang isip ang pag-aalinlangan. Hindi niya alam kung natanggap nga ni Andrew ang sulat at telegrama niya. Hindi rin niya alam kung ano ang magiging reaction nito sa oras na magkita sila.

“Ngayon ka lang ’ika mo naparito, Irma?” tanong ni Nelson.

“Oo, ngayon lang ako nakaisip na... magbakasyon,” bantulot na sagot niya.

“Malaki na ang iginanda at inunlad ng *Hacienda Ybañez*. Natitiyak kong magugustuhan mo doon,” anito.

“Oo nga. N’ung una kaming nagpunta doon noon ay puro talahiban pa ang buong lugar,” pakli ni Ruben.

“Hindi nga namin inakalang makakayang mag-isa ni Andrew na patakbuhan ang lugar na iyon dahil noo’y nag-iisa lamang siya,” dagdag pa ni Nelson.

“Ano’ng ibig ninyong sabihin? Wala siyang katulong?” tanong niya.

“Mayroon. May mga tauhan siya pero sa laki at

lawak ng lupain, mahirap asikasuhin nang nag-iisa iyon,” sagot ni Ruben.

“Isama mo pa ang pag-aasikaso sa mansyon na ubod ng laki din,” dugtong ni Nelson.

“Wala ba siyang pamilyang kasama nang tumira siya doon?” muling tanong niya.

“Hindi mo ba alam? Kamag-anak ka ’ika mo nila, di ba?” nagtatakang tanong ni Ruben.

Nagsisi siya sa pagkakadulas. “Oo nga. Kaya lang, matagal na kasi kaming hindi nagkikita at nagkakabalitaan ni Andrew kaya hindi ko alam,” palusot niya.

“Ganoon ba? Well, noong una, ang tanging kasama ni Andrew ay sina Aileen at Merylle lang,” pahayag ni Nelson. “Pero ngayon, nandoon na rin ang mama niya, pati na sina Astrid at Rene.”

“Hindi mo siguro kilala si Merylle; siya ang dating private nurse ni Aileen,” sabat ni Ruben. “Pero ngayon, private secretary na siya ni Andrew,” dagdag pa nito.

“At marami ang nagpapalagay na si Merylle na rin ang magiging maybahay ni Andrew,” pakli ni Nelson.

“Pero may-asawa na siya,” nadulas na pahayag

niya.

“Si Andrew? Wala pa, binatang-binata pa iyon. Kanino mo nalamang may-asawa na siya?” tanong ni Ruben.

“Ha? Ah... eh... iyon kasi ang nabalitaan ko noon mula sa itay ko. Hindi ba natuloy ang pag-aasawa niya?” patay-malisyang tanong niya.

“Hindi namin alam na nagbalak na palang pakasal noon si Andrew. Kunsabagay, talagang pagdating sa pribado niyang buhay, tahimik lang ang taong iyon,” saad ni Nelson.

“Oo nga, ganoon nga siya. Kaya nakikiusap ako sa inyo, huwag na sana ninyong banggitin pa sa kanya o kahit kanino na napabalita sa aming ikakasal siya noon.”

Napangiti si Ruben. “Makakaasa ka. Ayaw din namin siyang magalit sa amin at sabihing pinag-tsitsismisan namin ang buhay niya.”

Nakahinga nang maluwag si Irma at lihim na nagpasalamat dahil hindi nakahalata ang magpinsan sa pagkakadulas niya. Obvious kasing hindi ipinagsabi ni Andrew na nagpakasal ito para lamang makuha ang mga namanang lupain at mansyon.

Ganoon pa man, kinakabahan pa rin siya dahil sa dami ng taong nakatira pala sa mansyon na kasama ni Andrew. Hindi niya matiyak kung paano siya tatanggapin at kung alam din ng mga ito ang inililihim ng asawa sa ibang tao.

“O, nandito na tayo. Ang nakikita mo ay ang *Hacienda Ybañez*,” saad ni Nelson.

Napanganga at napatulala si Irma. Talaga palang napakalawak ng lupain na iniwan sa kanila ni Doña Aurora. Mula sa isang napakataas at malaking gate na bakal na may nakaukit na *Hacienda Ybañez* sa bandang itaas, mahaba pa ang itinakbo ng sasakyan bago tumambad sa mga mata ni Irma ang napakalaki at ubod ng gandang mansyon.

Isang magandang babae na halos kasing-edad niya ang lumabas ng mansyon at nakangiting lumapit sa kanila nang makababa sila ng sasakyan.

“Merylle, si Andrew?” tanong ni Ruben.

“Wala siya dito. Tatlong linggo na siyang nasa Surigao, doon sa tiyahin niyang maysakit. Sinamahan niya ang mama niya,” sagot ni Merylle habang panay ang sulyap kay Irma. “Sino siya?” tanong nito.

“Si Irma, nakilala namin sa barko. Kamag-anak siya ni Andrew,” pagpapakilala ni Nelson sa kanya. “Irma, siya si Merylle.”

“Kumusta?” bantulot na bati ni Irma.

Napakunot-noo si Merylle. “Hindi ko alam na may kamag-anak si Andrew na magbabakasyon dito; wala siyang sinabi sa akin.”

“Sumulat ako’t nagpadala ng telegrama, wala ba kayong natatanggap?” pormal na tanong niya na nairita sa tono ng pananalita ng kaharap na babae.

“Mayroon. Ikaw si Irma Roxas?” tanong ni Merylle.

“Ako nga,” tugon niya.

“So that’s it! Natanggap ninyo ang telegrama niya kaya heto na siya. Aalis na kami,” pahayag ni Nelson.

“Aba, teka! Wala dito si Andrew, hindi—”

“Wala man siya, sigurado akong aasikasuhin ninyo si Irma,” sabad nito, sabay baling sa kanya. “Paano, Irma, aalis na kami pero hindi ito ang huli nating pagkikita. Bibisita kami ulit at ipapasyal ka namin ni Ruben.”

“Salamat sa inyong dalawa, at aasahan ko ang

pagbabalik ninyo,” saad niya.

Hinatid na lamang ng tanaw ng dalawang babae ang mga lalaki sa pag-alis pero nang balingan muli ni Irma ng tingin si Merylle, napansin niyang masusi siya nitong pinagmamasdan.

“May mali ba sa ayos ko?” naiiritang tanong niya.

“Kamag-anak ka ba talaga ni Andrew?”

“Malayong kamag-anak,” sagot niya.

“Ako ang nakatanggap ng telegrama mo at itinanong ko kay Astrid kung kilala ka niya, hindi daw,” tugon ni Merylle na may halong pagdududa.

“Nasisiguro kong sa oras na dumating dito si Andrew ay siya ang magpapaliwanag sa inyo kung sino ako.”

“Dinaramdam ko pero hindi kita pupuwedeng patuluyin dito.”

“Bakit? Galing pa ako sa Maynila at wala kong ibang kakilala dito maliban kay Andrew.”

“Kahit na. Hindi kita kilala at hindi kita basta-basta pupuwedeng tanggapin dito.”

Nag-umpisa nang mainis ni Irma. Pagod na siya sa napakalayong pagbibiyahe at wala siyang pasensya

sa pagsusuplada ng babaeng kausap. “Buena, magpapakilala ako. Ako ang a—”

Natigil siya sa pagsasalita nang marinig ang pagdating ng isang sasakyan at pareho silang napabaling ni Merylle. Nagmamadaling bumaba mula sa sasakyan ang isang lalaki, si Andrew.

“Irma...? Ikaw nga ba?” dahan-dahang tanong nito dahil kinikilala at minumukhaan ang asawa na kay tagal nang hindi nakikita.

Malaki na nga ang ipinagbago ng hitsura niya, saloob ni Irma. Mas tumangkad pa siya at naging matipuno ang pangangatawan. Medyo umitim pero kahit na bakas sa mukha ang pagkapagod at malaking pagkasorpresa, hindi pa rin nabawasan ang kaguwapuhan niya. “Ako nga,” nahihiyang sagot niya.

“Kilala mo siya, Andrew?” sabat ni Merylle.

“Oo,” maikling sagot ng lalaki pero nananatiling nakatingin sa kanya. “Nakasalubong ko sina Nelson at Ruben, sinabing hinatid ka raw nila dito,” anito.

“Oo, hindi ko alam na hindi mo natanggap ang sulat ko’t telegrama.”

“Nasa Surigao ako, sinamahan ko ang mama ko doon. Halika sa loob, doon tayo mag-usap.”

“Andrew, ang sabi niya’y kamag-anak mo raw siya pero bakit hindi siya kilala ni Astrid?”

“Kamag-anak?” bulong nito.

Nagkibit-balikat siya. “Hindi ko alam kung paano... kung alam nila.”

“Sa loob na tayo mag-usap,” anito. “Merylle, ipapasok mo sa katulong ang mga bagahe ni Irma. Ipaghanda mo na rin siya ng kuwarto.”

“Pero—”

“Sundin mo ang utos ko’t saka na ako magpapaliwanag sa inyo. Mag-uusap muna kami ni Irma sa opisina’t ayokong maistorbo kami.”

Nakita niyang napasimangot ang babae. Hinawakan siya ni Andrew sa siko at inalalayan papasok ng mansyon.

Tumuloy sina Irma at Andrew sa opisina sa loob ng mansyon. Isa iyong malaking kuwarto na mukha ngang opisina sa loob. Nakita niyang may malaking mesa, computer, fax machine at kung anu-ano pang mga makabago at high-tech na gamit.

Inalalayan siya nito sa pag-upo sa isa sa mga

upuan na naroroon. Hindi pa nakakaupo si Andrew nang biglang magbukas ang pintuan. Napakunot-noo ito.

“Ano’ng nangyayari dito, Andrew? Sino ang babaeng iyan?” magkasunod na tanong ng bagong dating na babae. “Ang sabi ni Merylle sa akin ay kamag-anak daw natin; hindi ko naman siya kilala.”

“Sinabi din ba sa iyo ni Merylle na inutos kong huwag kaming maiistorbo dahil mag-uusap kami?” Mahinahon ang pagsasalita ng lalaki pero nakita niyang biglang natigilan ang babae na tila ba natakot dahil nakagalitan.

“Gusto ko lang namang malaman kung sino siya dahil ipinipilit niyang kamag-anak natin siya.”

“It so happens na kamag-anak nga natin siya, sa side ni Papa,” saad nito, sabay tingin sa asawa. “Irma, si Astrid, ang kapatid kong sumunod sa akin.”

Ngumiti lamang dito si Irma. Unang tingin pa lamang niya sa kanyang hipag ay alam na niyang mataray at suplada ito. Lihim siyang nagpapasalamat na hindi normal na mag-asawa ang relasyon nila ni Andrew dahil ayaw niyang magkaroon ng ganoong klase ng hipag.

Ano naman kaya ang hitsura’t ugali n’ung Aileen

at ng mama ni Andrew? naisip niya.

Samantala, masusi lamang siyang tinitingnan ni Astrid na tila ba nagdududa pa rin sa kanya. Dalagita pa lamang ito nang maulila sa ama pero may pag-iisip na ito at ni minsan ay hindi natatandaan na nakita na nito si Irma.

“Kumusta na si Tita Leila, Andrew?” tanong na lamang nito sa kapatid.

“Mabuti-buti na pero nagpaiwan pa doon si Mama. Gusto daw niyang masiguro muna na magaling na magaling na ang Tita bago siya bumalik dito.”

“Hindi ba ako hinanap ni Tita Leila?”

“Hindi. Puwede ba, Astrid, mamaya na tayo magkuwentuhan? Gusto kong makausap nang sarilinan si Irma.”

“Bakit?”

“Astrid! Iyon ang gusto ko’t hindi ko na kailangan pang magpaliwanag sa iyo,” galit nang sabi ni Andrew.

Muli ay natigilan si Astrid pero matapos sulyapan nang masama si Irma ay lumabas na ito ng silid.

“Pasensya ka na, Irma, may pagka-spoiled ang kapatid kong iyon. Ngayon, sabihin mo sa akin, bakit

ka nandito?” tanong ni Andrew.

Hindi pa makapagsalita si Irma. Nahihiya siya at para bang nawalan ng dila. Iniisip niya kung bakit noon pa, nang pakasalan niya ito ay nakakadama siya ng takot at pagkailang dito sa tuwing nagkakasama at nagkakalapit sila.

Bahagya itong umubo, senyales na naghihintay pa rin ng paliwanag mula sa kanya. Sinimulan niya ang pagkukuwento.

“Iyon ang buong pangyayari at dahilan kung bakit ako nandito ngayon, Andrew. Wala na akong mapuntahang iba kundi dito,” pagtatapos niya.

Tumayo ito, lumakad at tumigil sa may bintana. “Hindi mo man lang ba naisip na telegramahan ako o tawagan dito para humingi ng pera sa share mo?”

Nagagalit ba siya na nagpunta ako dito? kinakabahang saloob niya. “Pasensya ka na, hindi ko na iyon naisip noon. Nalilito ako sa lahat ng mga nangyari.”

“Nakikiramay ako sa pagyao ng lola mo, at pati na rin sa sinapit mong paghihirap. Pero, financially, alam mong wala kang dapat ipag-alala.”

“Hindi pa natin lubusang nakukuha ang mga

minana natin kaya wala akong inaasahan na kahit na ano.”

“Pero pupuwede kong unti-untiin ang pagbabayad sa share mo hanggang sa sumapit ang panahon na maaari ko nang ibigay iyon nang buo sa iyo.”

“Ang sabi n’ung abogado’y—”

“Alam ko ang sinabi nila,” putol nito, “pero hindi na natin dapat pang iparating sa kanila ang mapapagkasunduan natin ngayon. Mayaman ka, Irma, hindi mo na kailangan pang maghirap.”

“Ano ba ang balak mo?”

“Bibigyan kita ng sapat na halaga para makapagumpisa sa buhay. Buwan-buwan ay padadalhan kita ng allowance sa bangko para magamit mo. Iaawas ko na lang lahat iyon sa ibibigay ko sa iyo bilang bayad sa kalahati ng share mo dito.”

“Salamat, Andrew,” nahihiya pa ring saad niya.

Napansin nito iyon. “Hindi ka dapat mahiya dahil pera mo ang ibibigay ko sa iyo. Mas makakabuti pa nga kung ngayon pa lang ay unti-untiin ko na ang pagbabayad sa iyo.”

Ngumiti siya. All of a sudden, biglang nagliwanag ang kanyang magulo at madilim na mundo.

Nagkaroon muli siya ng pag-asa na makabalik ng Maynila at makita si Shaun. Baka magbago ito ng isip at ma-realize na siya pa rin ang mahal nito.

“Ngayong settled na ang lahat, may isa pa tayong dapat pag-usapan,” sabi ni Andrew na muling naupo sa silyang katapat niya.

“Ano?”

“Obvious naman siguro sa iyo na inilihim ko ang pagpapakasal natin sa lahat dito. Ayokong malaman nila dahil pansamantala lang naman.”

“Kamuntik ko na ngang naipagtapat kay Merylle ang pagiging mag-asawa natin dahil hindi ko maipaliwanag kung bakit tayo naging magkamag-anak.”

Sa kauna-unahang pagkakataon, nakita niyang ngumiti ang asawa. “Alam mo, unang kita ko pa lamang sa iyo noo’y halata ko nang hindi ka sanay magsinungaling, at ayaw mong nanloloko ng tao.”

Napayuko siya. “Talagang ayoko. Kung hindi lang ako pinilit noon ni Itay, hahayaan ko nang mapunta sa charity ang mga minana natin,” buong katapatang pag-amin niya.

“I was fully aware of the pressure, Irma. Pero

wala naman tayong nasaktan o naagrabyado sa pagpapakasal natin, di ba?”

Tumango siya. Hinawakan siya nito sa baba at inangat ang kanyang mukha. “You don’t have to be ashamed of anything; we did what we had to do. Malaki ang pagpapasalamat ko sa iyo sa pagpayag mo noon,” titig na titig sa kanya na saad nito.

Napako ang tingin niya sa asawa. Damang-dama niya ang sincerity nito kaya ngumiti siya at ganoon din ito. Tila ayaw maalis pareho ng mga mata nila sa isa’t isa. Dahan-dahan, inilapit ni Andrew ang mukha sa kanya at nagmistula siyang tuod nang halikan siya nito sa pisngi.

“Salamat, Irma,” anito, sabay tayo muli. “Ngayon, tungkol sa relasyon natin, payag ka bang manatiling lihim ang pagiging mag-asawa natin?”

“Kung iyon ang gusto mo,” sagot niya.

“Nasabi ko na kay Astrid na kamag-anak ka namin sa father’s side, iyon ang sasabihin natin sa lahat.”

“Ang mama mo? Hindi ba niya kilala lahat ng kamag-anak ng papa mo?”

Napangiti ito. “Nakilala mo na si Astrid, doble pa

sa ugali niya ang ugali ng mama ko. Isnabera, suplada at masyadong mataas kaya wala siyang panahon na kilalanin sino man sa kamag-anak ng Papa.”

“Kailan ako aalis pabalik ng Maynila?”

“Kung kailan mo gusto pero huwag kang magmadali. You’re more than welcome here. Mas may karapatan ka dito kaysa sa pamilya ko.”

“Ayokong makaistorbo.”

“Hindi, Irma. Gusto ko ring ipakita sa iyo ang kabuuan ng lupain at mansyon na minana natin para may idea ka kung gaano ka pa magiging kayaman pagdating ng araw.”

“Hindi mahalaga sa akin iyon. Lubos ang pagtitiwala ko sa iyo.”

Muli itong napatitig sa kanya. “Salamat naman kung ganoon. Handa na siguro ang kuwarto mo, magpahinga ka na muna at saka na lang tayo ulit magkuwentuhan.”

3

Napakalaki nga pala talaga ng mansyon at ubod pa ng ganda, buong paghangang saloob ni Irma habang ipinapasyal siya ni Andrew. Maraming mga silid na kasing-laki at kasing-luwang na ng isang buong bahay na dating tinitirhan niya.

Pero hindi iyon katulad ng kuwarto na pansamantalang ibinigay at ipinapagamit sa kanya ni Merylle. Maliit lamang ang silid at may kasikipan pa. Iisa ang bintana na may kataasan at maliit din kaya medyo maalinsangan. Hindi na lamang kumibo o nagreklamo si Irma dahil ang sabi niya sa sarili ay sandali lang siya roon. Ayaw niyang ipaggiitan ang sarili kahit na may karapatan siyang matulog at gumamit ng isa sa malalaking kuwarto sa mansyon.

Tanghalian, ipinakilala ni Andrew sa kanya ang iba pang kasama nito sa mansyon. Si Rene na asawa ni Astrid na sa porma pa lamang ay halatang sunud-sunuran sa asawa, at si Aileen na bunsong kapatid ni Andrew na dalaga at may pagkamahiyain. Iyon marahil ay sa dahilang maiksi at maliit ang isang paa nito. Ganoon na raw nang ipinanganak si Aileen, sabi ni Andrew, kaya hindi makalakad ang dalaga nang

hindi gumagamit ng saklay. Unang tingin pa lamang ni Irma kay Aileen ay magaan na kaagad ang dugo niya rito. Hindi kagaya nina Merylle at Astrid na sa umpisa pa lamang ay hindi na maitago ang pagkairita sa presence niya roon.

Iba si Aileen. Hindi sa naawa lang siya rito dahil may kapansanan ito ngunit dahil nakikita niya sa maamong mukha nito ang kabutihang-loob. Maganda si Aileen, natural na mapupula ang labi at mga pisngi kahit na hindi nababahiran ng kahit anong pampaganda. Maganda rin ang hubog ng katawan nito, di-hamak na mas maganda pa at mas sexy kina Merylle at Astrid. Makinis ang balat nito at makintab ang deretsung-deretsong mahabang buhok.

Matapos ang pananghalian, bakas man sa mga mukha nina Merylle at Astrid ang pagtutol, wala silang nasabi nang yayain ni Andrew na ilibot si Irma sa buong hacienda.

“Ang gusto ko sana’y makaalis na ako sa isang linggo, puwede ba iyon?” tanong niya habang namamasyal sila.

“Puwede pero hindi ba masyadong napakadali namang bakasyon iyon?”

Hindi masabi ni Irma na naiilang siya kina

Merylle at Astrid, pati na rin kay Rene. “Wala na namang dahilan pa para magtagal ako dito,” tugon na lamang niya.

“Oo nga, sanay ka nga pala sa buhay Maynila. Mabilis ang takbo ng buhay at puno ng kasiyahan,” ani Andrew.

“Hindi ako mahilig sa kasiyahan; mas gusto ko pa nga sa isang tahimik na lugar tulad nito.”

Napatingin ito sa kanya. “Hindi kabagot-bagot para sa iyo ang manirahan dito?”

Umiling siya at napangiti, iniligid ang paningin sa paligid. “Ganitong lugar ang pinapangarap ko noon. Malayang umiihip ang hangin at nakikipaglaro sa damuhan at mga halaman, mga pananim na aalagaan sa matabang lupa, at may mga kapitbahay ma’y hindi masyadong dikit-dikit ang mga bahay na halos madinig mo na pati usapan nila.”

Lingid sa kaalaman ni Irma, habang nalilibang siya sa pagde-describe ng mga nakikita ay pinagmamasdan siyang mabuti ni Andrew. Iisa pala ang pangarap nila at marahil, iisa rin ang gusto nila sa buhay, naisip nito. Simple at tahimik. Kung marangya man ang pamumuhay nito ngayon, iyon ay sa dahilang nagbabanat ito ng buto at nagsusumikap. Napaganda

man at napaunlad ang paligid ay wala naman itong sinira sa natural na kalikasan. Kasabay ng paglago ng mga pananim pati na rin ang pagdami ng mga alagang hayop, ang pag-angat ng kabuhayan ng mga tao sa paligid ng hacienda dahil sila man ay malaki ang nakukuhang pakinabang sa ibinibigay nito na parte sa bawat inaani tuwina.

“Andrew, bakit?” nagtatakang tanong niya nang mapansing tahimik ito at pinagmamasdan lamang siya.

“Wala, may naisip lang ako,” tugon nito. Ngumiti siya. *Alam ba niyang napakatamis ng kanyang ngiti?* saloob ni Andrew.

“Huwag kang mag-alala, hindi naman ibig sabihin na nagbago na ang isip ko.”

“Saan?”

“Sa pagbebenta ko ng kalahating parte ko dito. Matapos ang ikapitong taon ay mapapasaiyo pa rin ang lahat ng ito.”

“Hindi naman iyon ang iniisip ko. Alam kong may isa kang salita.”

Bigla na naman siyang nailang dito. Ang nararamdaman niyang iyon ay nawala na sana

habang namamasyal sila kaya nagpatuloy siya sa paglalakad at sinundan siya nito.

“Ang mama mo, kailan siya uuwi?” pag-iiba niya ng tema ng usapan.

“Ewan ko. Bakit?”

“Wala, naitanong ko lang. Totoo ba ang sinabi mo kanina tungkol sa kanya o binibiro mo lang ako?”

Napangiti ito. “Wala akong intensyon na siraan ang mama ko sa iyo o takutin ka. Nagsasabi lang ako ng katotohanan.”

“Talagang suplada siya?”

“Ganoon talaga ang ugali niya, at hindi lingid sa akin na ganoon din ang ipinapakita sa iyo ngayon nina Merylle, Astrid at Rene.”

“Ayokong ako ang maging dahilan ng hindi ninyo pagkakasundo-sundo dito.”

“Hindi mangyayari iyon, at hindi mo rin kailangang mangilag sa kanila. Irma, mas higit ang karapatan mo dito.”

“Pero hindi nila alam iyon at hindi na kailangang pang malaman nila.”

“Noon, kami lamang ni Aileen ang pumunta dito

para manirahan at mamuhay nang tahimik. Nag-asawa ulit si Mama.”

“May stepfather ka?”

“Oo pero ngayo’y wala na rin. Dalawang taon na siyang patay.”

“Nakikiramay ako.”

“Hindi na kailangan. Hindi namin kahit kailan nakasundo ang napangasawa ni Mama, kami ni Aileen. Kaya isinama ko siya dito.”

“Si Astrid?”

“Mama’s girl si Astrid, at siya din ang paborito ni Mama kaya kung nasaan ang isa ay nandoon din ang isa.”

“Kailan sila nagpunta dito?” tanong niya habang paupo sa isang batong upuan na nasa ilalim ng isang malaking puno.

“Nagkasakit si Mama n’ung isang taon kaya pinagbakasyon ko muna dito. Sumunod sina Astrid at Rene at hindi ako nakatanggi,” sagot nitong naupo sa tabi niya.

“Si Merylle, dati raw siyang private nurse ni Aileen?”

“Oo, kasama na rin namin siya ni Aileen n’ung una kaming manirahan dito.”

“At ngayon ay sekretarya mo siya?” tanong niyang nagbabakasakaling magtapat ito sa kanya tungkol sa tunay na posisyon ng babae sa mansyon at buhay nito.

“Oo,” tanging sagot nito.

Muli niyang iniligid ang paningin sa malawak na lupain. “Alam mo, hindi ko inakalang ganito kalaki ang ipinamang lupain sa atin. Pati na ang mansyon.”

“At hanggang ngayon ay hindi ko pa rin alam kung bakit ipinamana sa atin ito, pati na ang kondisyon na pagpapakasal natin.”

“Ako din. Siguro’y talagang naging matalik na magkakaibigan ang inay ko, ang papa mo at ang Doña Aurora na iyon.”

“May iba pang dahilan, Irma, sigurado ako. At kung ano man iyon ay gusto kong malaman.”

“Paano?”

“Ewan ko pero nagsasaliksik ako tungkol sa naging buhay ni Doña Aurora, at malalaman ko din kung ano ang tunay na dahilan sa pagpapamana niya sa atin.”

Walang nagbago sa pakikitungo nina Merylle at Astrid kay Irma. Halatang gustong maging friendly si Rene pero sa tuwing matitingnan ito nang makahulugan ni Astrid ay nagiging tahimik ito. Kaya habang naghahapunan, maliban kina Aileen at Andrew na nagkukuwento ay nakakaramdam pa rin ng pagkaasiwa si Irma.

“Bilog na bilog at maliwanag ang sikat ng buwan, sigurado akong nagkakuwento ang mga tauhan sa hacienda. Gusto mo bang makihalubilo sa kanila, Irma?” tanong ni Andrew.

Parehong napakunot-noo sina Merylle at Astrid.

“Oo,” sagot niya at tiningnan ang bunsong kapatid ng asawa. “Gusto mo bang sumama sa amin, Aileen?”

“Hindi nakikihalubilo si Aileen sa mga tauhan sa hacienda; pagtsitsismisan lang nila ang kapansanan ng kapatid ko,” ani Astrid.

Napasimangot si Aileen, ganoon din si Andrew. “Hindi ganoon ang mga tauhan ko, at kung gusto ni Aileen na sumama sa amin ay makakasama siya,” pormal na sabi ng nakatatandang kapatid.

“Saka na lang, Kuya. Napagod ako sa pag-aaral kanina at gusto ko nang magpahinga,” saad ni Aileen ngunit bakas ang lungkot sa mga mata.

Sa kahilingan at kagustuhan din nito, doon mismo sa mansyon ito nagpapatuloy ng pag-aaral. May private tutor ito at nag-aaral sa pamamagitan ng home study course sa *International Correspondence School*.

Kapwa tahimik ang mag-asawa nang lumabas sila ng mansyon. Medyo malamig ang ihip ng hangin kaya bahagyang naginaw si Irma, subalit nawala rin naman iyon nang magtagal. Sa di-kalayuan, sa may kuwadra ng mga kabayo, nakakita sila ng siga. Nakapaligid doon ang mga tauhan na nagkakatuwaan.

“Magandang gabi, Andrew,” bati ni Mang Simeon.

Ito ang ipinakilala kay Irma na kanang-kamay, katu-katulong at punong-pinagkakatiwalaan ng lalaki sa pagpapatakbo ng mga bagay-bagay na nauukol sa mga pananim at mga alagang hayop sa hacienda.

“Magandang gabi naman po,” magalang na bati ni Andrew pati na rin sa iba pang may-edad na mga tauhan na naroroon.

“Halikayo at makisalo sa katuwaan namin,” aya ni Mang Simeon.

Ipinakilala muna ni Andrew si Irma sa lahat ng mga naroroon. Kahit mahigit na labing-dalawa ang naroon pati mga bata ay alam nito ang mga pangalan ng bawat isa.

“Ilan lahat ang mga tauhan mo dito?” bulong niya rito habang panay ang subo nito ng inihaw na kamote.

“Mahigit sa singkuwenta pero ’yung iba’y may sariling mga bahay at lupa kaya nagsisiwi.”

Hinilingan ng isang matandang babae si Andrew na kumanta at nagpaunlak naman ito. Iniabot dito ang gitara at ang lahat ay napatahimik habang nakikinig.

Maganda ang tinig ng lalaki; marami ang humahanga rito ngunit mas higit si Irma. Masaya siyang nakikinig nang biglang sumagi sa alaala si Shaun na mahilig ding kumanta kahit na baliko ang tinig kaya napasimangot siya at muling nakaramdam ng lungkot. Nami-miss niya ang dating katipan.

Matapos ang ilang oras ng pakikipagsaya ay nag-aya nang umuwi si Andrew.

“Parang walang katapusan ang kanilang kaligayahan,” saad niya habang naglalakad sila pabalik ng mansyon. “Nakakainggit sila.”

“Liligaya ka rin, Irma.”

“Ewan ko. Mas natatakot nga ako ngayong nag-iisa na ako.”

“With all the money you’d possess? Wala kang dapat ikatakot; magagawa mo ang lahat ng gusto mo.”

Muli niyang naalala si Shaun. Kung sana ay nasa piling pa niya ito, tutulungan siya nitong makapag-umpisa ulit sa buhay. Sasabihin nito ang dapat niyang gawin. Kasama man si Andrew, hindi niya mapigilan ang pakiramdam ng pag-iisa at matinding kalungkutan.

“Irma, what’s wrong? Ito ang pangalawang beses sa gabing ito na nakita kitang nalungkot. Bakit?”

Pinipigilan sana niya pero dahil napakabigat ng dalang sama ng loob at naramdaman ang sincerity sa tono nito, hindi na niya napigilan pa ang sarili at umiyak.

Kinabig siya ni Andrew, niyakap at hinayaang umiyak nang umiyak. “I know I’m still a stranger to you, but I’m a good listener. Isa pa, maituturing mo rin akong asawa mo kahit sa pangalan lang.”

Bumitiw siya rito at sa gitna ng mga hikbi ay

ipinagtapat lahat ang tungkol kay Shaun. Iniabot nito ang panyo na kinuha niya habang patuloy sa pagkukuwento.

“Makakatagpo ka pa nang higit sa kanya,” paakbay na sabi nito pagkatapos.

“Ewan ko pero sa ngayon ay ayokong makatagpo ng kahit sinong ibang lalaki.”

“Mahal mo pa rin si Shaun?”

“Oo, at umaasa pa rin akong magbabago ang isip niya.”

“Sayang, hindi ang isang lalaking katulad niya ang nababagay na pag-ukulan ng tapat mong pagmamahal.”

“Wala akong magagawa, Andrew. Talagang mahal ko siya.”

“Mayroon. Tulungan mo ang sarili mong makalimot.”

Hindi na kumibo si Irma. Habang pinupunasan ang mga luha sa pamamagitan ng panyo ni Andrew at akbay-akbay siya nito ay tahimik nilang ipinagpatuloy ang paglalakad pabalik ng mansyon.